


## Ang Tapang ni Mordecai

(Esther 2-8)

Noong unang panahon, sa kaharian ng Persia, ay may isang matalino at matapang na lalaki na nangganggalang Mordecai. Si Mordecai ay isang Hudyo na mahal na mahal ang Diyos at palaging sinusubukan na gawin ang tama. Siya ay nakatira sa lungsod ng Susa, kung saan ang makapangyarihang Haring Xerxes ang namumuno sa isang malawak na imperyo.



Si Mordecai ay mayroong mas batang pinsan, si Esther, na kanyang minamahal nang labis. Nang pumanaw ang mga magulang ni Esther, inalagaan at pinalaki siya ni Mordecai na parang sariling anak. Tinuruan siya ni Mordecai na maging mabuti, matalino, at magtiwala sa Diyos. Habang lumalaki si Esther, naging kilala ang kanyang kagandahan at katalinuhan, at isang araw, siya ay pinili ni Haring Xerxes upang maging kanyang reyna. Ngunit hindi alam ng hari na si Esther ay Hudyo, at pinayuhan siya ni Mordecai na itago ito sa pansamantala.

Isang araw habang nasa bulwagan ng palasyo si Mordecai, narinig niya ang dalawang guwardiya ng hari na nagbabalak ng isang masamang bagay. Gusto nilang patayin ang hari! Alam ni Mordecai na kailangan niyang kumilos nang mabilis, kaya't nagpadala siya ng mensahe kay Esther, na nagsabi sa hari tungkol sa balak nila. Ang hari ay nag-imbetiga at natuklasan na totoo ito. Ang dalawang guwardiya ay hinuli at pinatay. Ang kabayanihan ni Mordecai ay naitala sa mga talaan ng hari, bagamat hindi siya nakatanggap ng anumang gantimpala ng panahong iyon.

Sa palasyo, may isang lalaking nangganggalang Haman na napaka-maimpluwensiya at mapagmataas. Si Haman ay pangalawa sa hari, at nais niyang ang lahat ay yumukod sa kanya tuwing siya ay dadaan. Ngunit si Mordecai ay tumangging yumukod dahil siya ay naniniwala na ang pagyukod ay para lamang sa Diyos. Galit na galit si Haman, kaya siya ay nagplano kung paanong makapaghihiganti, hindi lamang kay Mordecai kundi maging sa lahat ng mga Hudyo. Nilinlang niya si Haring Xerxes na gumawa ng batas na magpapahintulot lipulin ang mga Hudyo sa kaharian sa isang tiyak na araw.

Nang malaman ni Mordecai ang tungkol sa masamang plano, siya ay labis na nalungkot. Siya ay nagbihis ng sako at naglagay ng abo sa kanyang ulo, tanda ng malalim na kalungkutan, at lumabas sa lungsod upang magbigay babala sa mga Hudyo. Ngunit alam ni Mordecai na hindi

siya maaaring umupo lamang; kailangan niyang gumawa ng paraan upang iligtas ang kanyang mga kababayan. Nagpadala siya ng mensahe kay Reyna Esther, na hinihiling sa kanya na pumunta sa hari at humingi ng tulong para sa buhay ng mga Hudyo. Ito ay isang mapanganib na kahilingan, dahil noong mga panahong iyon, walang sinuman, kahit ang reyna, ang pinapayagang lumapit sa hari nang hindi tinatawag. Kung ang hari ay hindi nasiyahan, si Esther ay maaaring mapatay.

Ngunit pinaalala ni Mordecai kay Esther, "Sino ang nakakaalam, baka kaya ikaw ay naging reyna marahil para sa pagkakataong ito?" Nalaman ni Esther na tama si Mordecai, at siya ay nagpasya na maging matapang.

Samantala, ang galit ni Haman kay Mordecai ay patuloy na tumitindi. Sa kanyang galit, inutos niya na magpatayo ng malaking plataporma, na tinatawag na mga *gallows*, upang doon ibitin si Mordecai sa susunod na araw. Si Haman ay tiyak na malapit nang mawala si Mordecai.

Ngunit may nangyaring hindi inaasahan noong gabing iyon. Hindi makatulog ang hari, kaya't humiling siya na basahin sa kanya ang mga talaan ng hari. Habang nakikinig siya, napaalalahanan siya kung paano nailigtas siya ni Mordecai mula sa pagtatangka sa kanyang buhay. Napagtanto ng hari na hindi pa nabigyan ng gantimpala si Mordecai para sa kanyang kabayanihan.

Kinabukasan ng umaga, tinawag ng hari si Haman sa palasyo. Tinanong ng hari, "Ano ang dapat gawin para sa taong nais kong parangalan?" Inisip ni Haman na siya ang tinutukoy ng hari, kaya nagmungkahi siya ng isang magarbong ideya: "Ang taong iyon ay dapat isuot ang royal na damit ng hari, at siya ay dapat sumakay sa kabayo ng hari sa buong lungsod, na may isang tao na sumisigaw, 'Ito ang ginagawa para sa taong kinagigiliwan ng hari!'"

Nagustuhan ng hari ang kanyang ideya at sinabi, "Magandang ideya! Gawin mo ang lahat ng iyong sinabi para kay Mordecai na Hudyo." Si Haman ay nagulat, ngunit wala siyang magawa. Sinunod niya ang inutos ng hari. Ito ay isang malaking kahihyan para kay Haman, at pinatindi lamang nito ang kanyang galit kay Mordecai.

Sa gabi ng parehong araw, si Haman ay pumunta sa pangalawang handaan ni Reyna Esther kasama ang hari. Sa panahon ng handaan, tinanong muli ng hari si Esther kung ano ang kanyang nais. Sa pagkakataong ito, matapang na sinabi ni Esther sa hari na siya ay Hudyo at si Haman ay nagplano na lipulin ang kanyang mga kababayan. Ibinunyag niya ang masamang balak ni Haman at humingi ng tulong sa hari upang iligtas ang kanyang mamamayan.

Nagalit ang hari. Iniutos niyang parusahan si Haman, at si Haman ay pinatay sa mismong *gallows* na ipinatayo niya para kay Mordecai. Pagkatapos nito, ang hari ay gumawa ng bagong batas na nagpapahintulot sa mga Hudyo na ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa kanilang mga kaaway. Dahil dito, naligtas ang mga Hudyo.

Si Mordecai ay pinarangalan ng hari at binigyan ng mataas na posisyon sa kaharian. Siya ay isang iginagalang na lider, at ang kanyang kabayanihan at katalinuhan ay ipinagdiwang ng mga Hudyo.



Ginagantimpalaan ng Diyos ang mga gumagawa ng tama. Ginawa ni Mordecai ang tama sa pamamagitan ng pagtanggap na yumukod kay Haman. Ang Diyos ang nasa likuran ng lahat ng pangyayari. Si Mordecai ay nasa tamang lugar sa tamang oras na naging dahilang upang maprotektahan niya ang hari. Bagama't hindi niya agad nakuha ang gantimpala, tiniyak ng Diyos na siya ay maparangalan sa huli.

